# Talulot, Titik, Tula

FRANCISCO ARIAS MONTESEÑA

## Talampunay

Kung may aral na sumusukat sa pagitan
ng mga dupikal na di nagmumula sa simbahan,
ito'y ang mapanatiling masigla sa lalim

ng antala ang isang naghahanap ng sagot.
Ako ang nagbungkal dito, kasabay ang mga tunog
ng aking dibdib.  May mumunting batingaw
na nakakulong dito, naghihintay mapalaya

ng matatamis mong lawiswis. May manipis
na hamog na sumusukat sa katapatan
ng iyong pag-iral. Pakatandaan, hindi ito

ang tunay na sukatan. Lumiligid
ang mga tutubing nais sumilong sa iyo,
tumutupi ang kanilang pakpak

sa malalim mong manggas. Sa labas,
nakatutok ang ilang paruparo.
Tinutunton ang mabining tunog mula sa iyo.

Kung ikaw man ay bitag,
Kasama akong pakukuyom sa lalim ng iyong katawan,
tututop sa iyong dibdib, bubulong ng pag-ibig.

****Yellow bell*

## Sampaguita

Alon ka ng ulap sa langit.
Hindi kailangang tanungin
kung bakit bulak silang nagtatahi
ng larawan. Ikaw, ako,
hindi solitaryong binubuo
ang lagay ng mga bagay.
Kung saan ka man itinanim ng hangin,
maaaring dito sa puso kong angkin, salamat.
Manangis man sila sa sumbat
na huwag kitang tanggapin,
kung di bumukadkad
ay luha ka raw na aanihin. Minsan,
hinahawahan tayo ng lungkot ng iba.
Wala itong lugar sa ating hardin.
Kung ako ay tatanungin, mahalaga bang iba
ang iyong kausapin? Nananangan ako
na sa pagitan natin, *ang sumpaan*.
Higit ang iyong magiging bango
kapag hindi ito tatalikdan.

## Iris

Sa ganito isinilang ang pag-ibig:
Sa Paniniwala.
Pinitas ang lahat ng pintas sa paligid
upang maligo sa tiwala at pangako.
Hindi ito mahirap maabot
kung bawat pagsaling ay pagbahid ng tukso,
Mamimintog pero di mahihinog
ang mga hinala. Kaya't dapat kumapit
sa iisang lubid—tiwala.
Sa ibabaw ng lupa, ningas itong hindi mamatay-matay.

Sa ganito isinisilang ang pag-ibig:
Dangal ang lunggati ng tiwala.
Hindi kailangang manghiram sa ibang katawan
ng ningning at rikit. Walang lugar ang sipat at suri
sa mga nalaglag na dahon. Mahalagang malamang
may dignidad sa matagal na pagkakapit ng ugat
sa lupa. At ang bulaklak, sagana sa halimuyak
kapag walang mangangahas pumitas.

Sa ganito isisilang ang pag-ibig:
Maturidad na wika ang agapay
ng tiwala at dangal. Sa isang sulok
ng bubot na pagtatangi, itinataas
ang kaniyang uri ng angat na katwiran
sa paligid, nakaligid ang nais lumapit.
Sa iyong talulot nakabalot
ang maraming bantulot.

***** *the iris's three upright petals symbolize faith, valor, and wisdom. They also symbolize valued friendship, hope, compliments, and passion. This February birthflower comes in blue, purple, yellow, and white.*

## Daffodil

Bagong sibol ang malay
na nalalaglag sa lupa.
Tuyong dahong pinananagana
ng pagkakabaon,
Bumabangon ang mga bagong kulay
higit sa lunti. Naiiwan ang puti
ng mga binhi. Bagong silay
sa ngiti ng araw ang hanap
ng paghawi sa mga damo.
Mula sa ilalim, pumipitak
sa bitak ang walang-katapusang buhay.
Saka nalalang ang ugat,

tangkay, dahon, kasunod ang bukadkad,
talulot ng banyuhay. Nag-iisa't
walang kahulilip ang pagdirikit
ng rikit. Ang isa-isang pagkahubog—kulay,
malay, samyo, alay.
Walang makatatanggi.
Paano iiwas pumupol
sa isang ang hatid ay bukal
ng di matawarang pag-ibig?

**** Regard, rebirth, new beginnings, unrequited love, you're the only one, chivalry, eternal life. Associated with the tenth wedding anniversary. Also the birth flower for March and the national symbol of Wales.*

## Lilac

Walang bintang
Na magkakanulo sa kalantayan

ng iyong uri. Maaaring batas
ng panahong mauna ka,

O kung hindi ay managana ka
sa kaanyuang musmos.

Walang malay na talulot.
Hindi umiidlip ang mga sandali

sa pagkupkop sa iyong mga hagikhik,
Nananatiling nakasindi

ang mga ngiti. Kay gaan ng oras
na hindi tinitimbang

sa iyong pamumukadkad, malaya, mahinhin,
walang itinatagong lihim.

****Youthful, first love, humility, confidence.*

## Carnation

Pag-ibig,
dibinidad ang sa paa mo'y inihuhugas.
Babae, nananagana
ang iyong laylayan
ng pagtatangi.
Magaan sa pag-angat
ang dampi ng palad
sa iyong pisngi katulad
ng lanang ibinibihis.
Liwanag ang samyo
ng bangong may lamya
ng isanlibong pagtatangi.
Walang makaunawa.
sa ganitong pagkukusang
kilalanin ka, babae.
Taglay ng iyong katawan
ang patunay. Wala sa tangkay
ang rikit. Nasa usbong, nasa kulay.
Naiiwan sa mata ang mantsa
ng di maalis na titig.
Patuloy na may lumalapit,
hindi lumalagpas
sa hangga ang paghanga.

****Fascination, distinction, divine love, woman, yes. Also the birth flower for January.*

## Makahiya

Lumalabas ang mga ugat sa kaniyang mata,
lumalampas sa talukap.

Tinutubuan ng halaman
ang kaniyang katawan, namumulaklak

ng kawalang-malay. Hindi masayaran ng kibo
ang lahat ng kailangang masanay

sa ligid ng paghinga. Hindi ito ordinaryong kaba,
na sa bawat pagsanggi ay magtatago

sa sariling baluti. Ito ang ibang pangalan
ng hinhin at yumi. Mumunting talim ang lihim

na nais itago ng bawat pagkuyom.
Damhin ang lalim ng kaniyang kabuuan

sa lahat ng itinatago at isinisiwalat.
Ganito niya nais magpakilala—sa oras ng pagbukadkad,

Sa oras ng paglalahad. Igalang siya sa panahon
ng pagtulog ng mulat. Hindi ito pagiging himbing

Kung hindi pangangalaga sa mga lihim.
Damahin ang lalim ng kaniyang mga salita

sa ibinibigay niyang tamang panahon. Hindi kailangang
maging nasa bingit ang oras ng pagbubunyag.

Hindi kailangang pilit ang pagbukadkad.
Huwag siyang salingin ng isang talim-tingin.